Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/18

Pagkilala sa Pangngalan

Panuto: Salungguhitan ang lahat ng pangngalan sa bawat pangungusap.

1. Ngayon ay Sabado, unang araw ng Abril.
2. Maagang gumising ang pamilya ni Miguel dahil lilipat sila sa kanilang bagong bahay.
3. Matagal na itong pangarap ng mga magulang ni Miguel na sina Ginoong Mateo Gomez at Ginang Lara Gomez.
4. Mula sa Barangay Sto. Niño, sila ay lilipat ngayon sa Barangay San Felipe.
5. Nagluto ang ate ng masarap na almusal at sabay-sabay silang kumain.
6. Dumating ang mga lalaki mula sa kompanya na Rudy's Lipat Bahay Service.
7. Ang malalaking kagamitan tulad ng telebisyon, sopa, mesa, at mga kabinet ay ilalagay nila sa malaking trak.
8. Nakaligpit na rin ang mga damit, laruan, at aklat nina Miguel, Jess, at Myra.
9. Ang mga ibang gamit ay ipinasok na sa mga kahon.
10. Pati ang kulungan ng kanilang German Shepherd na si Freckles ay ililipat din.
11. Si Ate Gina ay nakabili na ng ulam sa Melina's Carinderia.
12. Umalis na ang trak ni Mang Rudy.
13. Nagpaalam sa mga kapitbahay at sumakay sa kotse ang buong mag-anak.
14. Habang papunta sila sa kanilang bagong bahay, nadaanan nila ang Heroes' Park, Pizza n' Pasta, at ang Church of Saint Francis.
15. May nadaanan din silang pamilihan, ospital, at botika.
16. Nahalata ni Nanay na may ilang maliliit na tindahan.
17. Tumigil ang sasakyan sa Kalye Sampaguita.
18. Natuwa ang mga bata sa nakita nilang malapit na palaruan.

Talâ: pangngalan - *noun*

© 2011 PLN, www.samutsamot.wordpress.com